# LakoLog

## Complete Feature Guide

*Gabay sa Lahat ng Features ng LakoLog*

Ang kompletong gabay sa bawat feature ng LakoLog — kung ano ang bawat isa, para saan ito, at kung paano ito gamitin. Para sa mga may tindahan, lako, at home-based na negosyo.

| 6 SCREENS | 20+ FEATURES | TAGLISH |
|---|---|---|
| Home · Stock · Sales Utang · Expenses · Stats | Fully documented with tips & examples | Madaling intindihin para sa lahat |

CONTENTS

# Table of Contents


| | | |
|---|---|---|
| 01 | Home Screen — Your Business Dashboard | 03 |
| 02 | Stock — Inventory Management | 04 |
| 03 | Sales — Recording Transactions | 06 |
| 04 | Utang — Credit Tracker | 07 |
| 05 | Expenses — Cost Logging | 08 |
| 06 | Stats — Analytics & Reports | 09 |
| 07 | Settings — App Preferences | 10 |
| 08 | Premium — Upgrading Your Plan | 11 |
| 09 | Tips, Backup & Data Safety | 12 |

SCREEN 01

# Home Screen — Your Business Dashboard

■

## Home Screen

*Ang unang makikita mo pagbukas ng LakoLog — real-time snapshot ng iyong negosyo.*

Ang Home screen ang command center ng iyong negosyo. Dito mo makikita sa isang tingin kung kumikita ka ngayon, gaano na kalaki ang iyong utang, at kung aling produkto ang malapit nang maubos.

**Mga cards sa Home screen:**

| | |
|---|---|
| **Today's Sales** | Kabuuang benta mo ngayon (lahat ng narecord na sale today). |
| **Projected Profit from Stock** | Estimated na kita mo kung mabibili lahat ng natitirang stock mo. I-tap para ma-expand ang breakdown per product. |
| **Outstanding Utang** | Kabuuang hindi pa nababayarang utang ng iyong mga customer. I-tap para pumunta sa Utang screen. |
| **Low Stock Alert** | Listahan ng mga produktong malapit nang maubos batay sa iyong Low Stock Warning Limit. I-tap para makita ang detalye. |

■ Ang Home screen ay nag-a-update in real time tuwing mag-re-record ka ng sale, mag-a-add ng expense, o mag-a-adjust ng stock. Hindi mo kailangang mag-refresh.

### Milestone System ■

Kapag naiabot mo ang certain na bilang ng sales, mag-po-pop up ang isang Milestone notification na may confetti. Ito ay para ipagdiwang ang iyong progress. Automatic itong nagse-set off sa mga key milestones sa iyong sales journey.

SCREEN 02

# Stock — Inventory Management

■

## Stock / Inventory

*I-manage ang lahat ng iyong produkto — presyo, dami, at stock levels.*

Ang Stock screen ang listahan ng lahat ng produkto mo. Dito mo i-aaddd, ie-edit, at ide-delete ang mga item. Bago ka makapagrerecord ng benta, kailangan munang nasa Stock ang produkto.

### Pag-add ng Bagong Produkto

| | |
|---|---|
| **Product Name** | Pangalan ng item. Hal.: "Milo 330ml", "Bigas 1kg", "Yosi Marlboro" |
| **Description** | Optional na karagdagang detalye tungkol sa produkto. |
| **Purchase Date** | Petsa ng pagbili ng stock. Nakakatulong para sa tracking ng freshness. |
| **Unit** | Uri ng unit: piraso, kilo, liter, pack, etc. May "Other" option para sa custom units. |
| **Total Cost (all units)** | Magkano ang PINAGSAMANG gastos mo sa lahat ng biniling stock. Hal.: bumili ka ng 24 na Milo sa P14 bawat isa = P336 ang ilalagay mo dito. |
| **Sell Price** | Magkano ang ibinibenta mo sa customer bawat piraso. |
| **Quantity** | Ilan ang binili / kasalukuyang stock mo. |
| **Low Stock Warning** | Kapag umabot na sa bilang na ito ang stock, makakatanggap ka ng Low Stock Alert sa Home screen. |

■ Ang "Total Cost" field ay para sa LAHAT ng biniling units — hindi per piece. Kaya kung bumili ka ng 10 piraso sa P5 each, ilagay mo P50, hindi P5. Ganito naka-compute ang cost per unit at ang iyong profit.

### Stock Views — Card at Table

May dalawang paraan para makita ang iyong inventory: (1) Card view — mas malaki, mas madaling basahin; at (2) Table view — mas compact, nakikita ang lahat ng data sa isang row. Pwede kang mag-toggle sa pagitan ng dalawa gamit ang icon sa itaas ng Stock screen.

### Stock Adjustment — Spoilage, Damage, at iba pa ■

Ang Stock Adjustment ay para mag-log ng pagkawala ng stock na hindi benta. Accessible ito sa Table view — may adjustment button sa bawat row ng produkto.

| | |
|---|---|
| **Reason** | Spoilage · Damage · Expired · Theft · Lost · Other — piliin ang dahilan ng pagkawala. |
| **Units Lost** | Ilan ang nawala o nasira. |
| **Notes** | Optional na explanation. Hal.: "Nabasa ng ulan", "Natumba ng bata". |
| **Estimated Loss** | Auto-computed — cost per unit x units lost. Ito ang halaga ng natalo mong pera. |

■ *Ang Stock Adjustment button ay makikita lamang sa TABLE VIEW ng Stock screen. I-tap ang view toggle sa itaas para lumipat mula card view patungong table view.*

### Edit at Delete ng Produkto

I-tap ang kahit anong produkto sa card view para ma-edit ang detalye nito. Para mag-delete, i-tap ang edit then hanapin ang delete button sa loob ng form. Mag-i-ask ng confirmation bago mag-delete.

SCREEN 03

# Sales — Recording Transactions

## Sales

*I-record ang bawat benta — cash man o utang.*

Ang Sales screen ang pinaka-ginagamit na feature ng LakoLog. Dito mo irerecord ang bawat transaksyon — kung sino ang bumili, ano ang binili, at kung paano nagbayad.

### Pag-record ng Bagong Benta

| | |
|---|---|
| **Product** | Piliin ang produkto mula sa iyong inventory. Mag-type para mag-search. |
| **Quantity** | Ilan ang ibinenta. Awtomatikong magbabawas sa iyong stock. |
| **Discount** | Optional. Ilagay ang discount amount para ma-adjust ang total. |
| **Payment Type** | Cash — bayad agad. Utang — automatic na lalabas sa Utang tracker. |
| **Customer Name** | Required kapag Utang ang payment. Para malaman kung sino ang may utang. |
| **Notes** | Optional na notes tungkol sa sale. Hal.: "regular customer", "binigyan ng libre". |

■ Pwede kang mag-add ng maraming items sa isang sale bago i-complete — para kapag bumili si customer ng maraming produkto sa iisang pagkakataon, isang record lang ang gagawin mo para sa lahat.

### Sales History at Edit

Nakikita mo ang buong history ng iyong mga benta sa Sales screen. Pwede mong i-filter ang view sa Paid (cash) o Unpaid (utang) para mas madaling hanapin ang specific na transaksyon.

Para mag-edit ng sale — i-tap ang sale record para makita ang detalye, tapos i-tap ang edit button. Pwede mong baguhin ang quantity, discount, o payment type. Para mag-delete — i-tap ang sale tapos i-tap ang delete.

SCREEN 04

# Utang — Credit Tracker

## Utang Tracker

*Huwag nang gumamit ng notebook. Track mo ang lahat ng utang dito.*

Ang Utang screen ay awtomatikong napupunan kapag may sale kang nirerecord na "Utang" ang payment type. Dito mo mamamanage ang lahat ng credit ng iyong mga customer — kung magkano ang utang, kailan, at kung magkano na ang nabayad.

### Ang Utang Dashboard

| | |
|---|---|
| **Total Outstanding** | Kabuuang hindi pa nababayarang utang ng lahat ng customer mo. |
| **Customer List** | Listahan ng bawat customer na may utang, kasama ang kanilang individual na balance. |
| **Utang Status** | Unpaid — hindi pa bayad. Paid — fully bayad na. |

### Pag-record ng Bayad (Payment)

Kapag nagbayad na ang customer, i-tap ang kanyang pangalan sa Utang screen para makita ang detalye ng utang niya.

| | |
|---|---|
| **Record Partial Payment** | Pwede kang magrerecord ng bahagyang bayad — hindi kailangan full amount agad. Ang remaining balance ay awtomatikong mag-a-update. |
| **Mark as Paid** | Kapag fully bayad na, i-tap ang "Mark as Paid" para i-close ang utang record. |
| **Delete Utang** | Para mag-delete ng record — kapag na-close mo na ang detail view, may delete option doon. |

■ Gamitin ang Utang notes section para maglagay ng karagdagang context — hal. "utang ng Nanay ni Aling Rosa", o "para sa pasko, babayaran ng January". Nakakatulong ito para hindi ka malito kapag maraming customers.

■ *Ang mga utang na nirerecord sa Sales (Utang payment type) ay awtomatikong lumalabas dito. Hindi mo na kailangang i-manually add ang utang kung nirerecord mo na sa Sales screen.*

SCREEN 05

# Expenses — Cost Logging

## Expenses

*I-track ang lahat ng gastos para malaman ang tunay mong kita.*

Ang tunay na kita mo ay hindi lang benta minus cost ng produkto. Kailangan mong ibawas pa ang lahat ng operational expenses — pamasahe, kuryente, packaging, at iba pa. Ang Expenses screen ang paraan para malaman mo kung talagang kumikita ka.

### Pag-log ng Bagong Expense

| | |
|---|---|
| **Date** | Petsa ng gastos. Default ay today pero pwede mong baguhin. |
| **Category** | Uri ng gastos — piliin mula sa dropdown. |
| **Amount** | Magkano ang ginastos. |
| **Notes** | Optional na description. Hal.: "Pamasahe papunta sa divisoria". |

### Mga Categories ng Expense

| | |
|---|---|
| **Transportation/Delivery** | Pamasahe, gasolina, delivery fee sa supplier o sa customer. |
| **Packaging Material** | Plastic bags, paper bags, boxes, cling wrap, at iba pa. |
| **Food** | Pagkain habang nagtatrabaho o para sa mga workers. |
| **Communication/Internet** | Load, data, wifi bill — para sa negosyo. |
| **Rent** | Bayad sa upa ng pwesto o bodega. |
| **Store Maintenance - Cleaning** | Cleaning supplies, repairs, at iba pang maintenance. |
| **Utility Service - Water** | Water bill. |
| **Utility Service - Electricity** | Kuryente bill. |
| **Workers' Salary** | Sahod ng mga katuwang o empleyado. |
| **Other** | Kahit anong gastos na hindi nasa listahan — may text field para ispecify. |

■ I-log mo ang LAHAT ng gastos kahit maliliit pa — plastic bags (P1 bawat isa), rubber bands, markers. Nagdadagdag-dagdag ito sa katapusan ng buwan at malaki ang epekto sa actual na profit computation mo.

SCREEN 06

# Stats — Analytics & Reports

■

## Stats & Analytics

*Tingnan ang big picture ng iyong negosyo.*

Ang Stats screen ang sagot sa pinakamahalaga na tanong ng bawat negosyante: "Kumikita ba talaga ako?" Dito makikita ang iyong sales trends, profit, at best-performing products.

### Mga Metrics na Makikita

| | |
|---|---|
| **Today's Sales** | Kabuuang benta ngayon. |
| **All-Time Sales** | Kabuuang benta mula nang magsimula kang gumamit ng LakoLog. |
| **Total Sales (selected range)** | Kabuuang benta sa piniling time period. |
| **Cost of Goods Sold** | Kabuuang cost ng mga produktong nabenta mo sa selected range. |
| **Total Expenses** | Kabuuang gastos sa selected range. |
| **Estimated Profit** | Computed as: Total Sales minus Cost of Goods Sold minus Total Expenses. |
| **Sales Chart** | Visual na bar chart ng iyong daily sales sa nakalipas na 14 araw. |
| **Custom Date Range** | Piliin ang specific na simula at katapusan ng period na gusto mong suriin. |

■ Gamitin ang Stats screen tuwing katapusan ng linggo o buwan para suriin ang performance ng iyong negosyo. Aling produkto ang pinaka-maraming nabebenta? Aling araw ang pinaka-mataas ang benta? Gamitin ang impormasyong ito para mag-desisyon kung aling produkto ang dagdagan ng stock at kung saan pwedeng makatipid sa gastos.

SCREEN 07

# Settings — App Preferences

■
■

## Settings

*I-customize ang LakoLog para mas angkop sa iyong negosyo.*

Accessible ang Settings sa pamamagitan ng gear icon (■■) sa kanang itaas ng Home screen. Dito mo mababago ang mga preference ng app at mamamanage ang iyong data.

### Store Settings

| | |
|---|---|
| **Store Name** | Pangalan ng iyong negosyo — lalabas ito sa loob ng app. |
| **Currency Symbol** | Piliin ang currency: Philippine Peso (P), Dollar ($), Euro, o Pound. Default ay P. |
| **Low Stock Warning Limit** | Global setting — kung ilan ang stock threshold bago mag-alert. Maaari ring i-set per product. |
| **App Theme** | Piliin ang kulay ng app: default orange, blue, green, o dark mode. |

### Data Management — Backup at Restore

IMPORTANTENG PAALALA: Ang lahat ng iyong data ay nakaimbak sa iyong phone's local storage — hindi sa internet o cloud. Ibig sabihin, kapag nag-clear ka ng browser data o nagpalit ng phone ng walang backup, mawawala ang lahat ng iyong records.

| | |
|---|---|
| **Export / Backup Data** | Nag-e-export ng JSON file na naglalaman ng lahat ng iyong data — inventory, sales, utang, expenses. I-save ito sa iyong phone o i-send sa iyong email. |
| **Import / Restore Data** | Kung may backup ka nang JSON file, i-import mo ito para ma-restore ang lahat ng data mo. Ginagamit ito kapag nagpalit ng phone o na-clear ang browser. |

■■ Mag-backup LINGGU-LINGGO. Pumunta sa Settings > Export/Backup Data > i-send sa iyong email address para laging may kopya. Ito ang pinaka-importante na maintenance task para sa LakoLog.

### iOS Install Instructions

Para sa mga iPhone users, may "Show Install Instructions" button sa Settings para ipakita ulit ang step-by-step guide sa pag-add ng LakoLog sa home screen. Makikita ito sa settings kung na-dismiss mo na

ang original na install banner.

SCREEN 08

# Premium — Upgrading Your Plan

## LakoLog Premium

*Unlock unlimited products at lahat ng features.*

Libre ang LakoLog para sa hanggang 6 na produkto. Kapag kailangan mo ng mas marami, mag-upgrade ka sa Premium para sa unlimited na produkto at walang limitasyong paggamit ng lahat ng features.

| | Free | Monthly | Lifetime |
|---|---|---|---|
| **Price** | **P0** | **P99/mo** | **P299 once** |
| **Products** | Up to 6 | **Unlimited** | **Unlimited** |
| **All Features** | Yes | Yes | Yes |
| **Expires** | Never | Monthly renewal | **Never** |

### Paano Mag-upgrade

| | |
|---|---|
| **Step 1** | Subukang mag-add ng ika-7 produkto — awtomatikong lalabas ang upgrade screen. |
| **Step 2** | Piliin ang paraan ng bayad: GCash, Maya, o Card/PayPal (via Gumroad). |
| **Step 3** | Para sa GCash/Maya: i-scan ang QR, bayaran, screenshot ng receipt, fill out ang form, tapos hintayin ang license key sa email. |
| **Step 4** | Para sa Card: i-click ang Gumroad button, bayad online, automatic na matanggap ang key. |
| **Step 5** | I-paste ang license key sa "Already Purchased?" field, i-tap "Activate License Key". |

■ Presko ang Lifetime plan (P299 one-time) para sa mga regular na gumagamit — isang bayad lang, hindi na kailangang mag-alala tungkol sa monthly renewal. Mas matipid pa rin ito kaysa 3 buwan ng Monthly plan.

SECTION 09

# Tips, Backup & Data Safety

## Pro Tips at Best Practices

*Para masulit ang LakoLog at hindi mawala ang iyong data.*

### Daily habit: Record agad

I-record ang benta habang nangyayari ito — huwag hintayin ang katapusan ng araw. Mas accurate ang records mo at hindi mo malilimutan ang mga transaksyon.

### Weekly review

Tuwing Linggo, buksan ang Stats screen at suriin ang nakalipas na linggo. Tingnan kung aling produkto ang pinaka-maraming nabenta at kung kumikita ka ba.

### I-set ang tamang Low Stock limit

Para sa fast-moving items (hal. bigas, yosi), i-set ang Low Stock Warning nang mas mataas (hal. 10 units). Para sa slow-moving items, pwede kang mag-set ng 2-3 units lang.

### Backup tuwing Linggo

Settings > Export/Backup Data > i-email sa iyong sarili. Siguraduhing may kopya ka palagi lalo na bago magpalit ng phone o mag-update ng browser.

### Gamitin ang Notes field

Sa bawat sale o utang, pwede kang maglagay ng notes. Ito ay nakakatulong kapag kailangan mong balikan ang specific na transaksyon.

### I-log lahat ng expenses

Kahit maliliit na gastos — plastic bags, rubber bands, load. Malaki ang impact nito sa iyong profit computation sa katapusan ng buwan.

### Gamitin ang table view para sa bulk checking

Kapag gusto mong mabilis na tingnan ang lahat ng stock levels at adjustment options, lumipat sa table view ng Stock screen.

Kailangan ng tulong? May tanong o concern? Mag-email sa lakolako.network@proton.me — sasagot kami sa lalong madaling panahon. Salamat sa paggamit ng LakoLog! Ingat sa negosyo. ■ ■■